# DAGLING LUNAS

MAKABAYANG SAMAHANG PANGKALUSUGAN - NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES (MSP-NDFP)
**BULLETIN BILANG 2 | 2025**



# IBAGSAK ANG BURUKRATA-KAPITALISMO!

# ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN!

Muli na namang tumambad sa sambayanang Pilipino ang nakakasukang bilyun-bilyong halaga na kinurakot ng mga pulitiko at mga kasabwat nilang kontraktor sa mga maanomalyang proyekto sa *flood control*. Sa harap ng sunud-sunod na malalang pagbabaha nitong mga nakalipas na taon, balatkayong nagmalinis si Marcos sa pagsisiwalat ng bilyun-bilyong korapsyon, gayong siya mismo ang buong pagmamalaking nag-anunsyo ng mga flood control projects sa kanyang State of the Nationa Address (SONA) noong 2024, naghanda at nakapirma sa badyet na naglaan ng palaki nang palaking pondo para sa mga palabigasang proyektong *flood control*. Halos kalahating trilyong piso ang kanyang inilaan sa maaanomalyang proyektong ito sa nagdaang dalawang taon.

***Corruption*, *kickbacks*, pagbubulsa ng pondo ng mga korporasyong pag-aari ng estado at marami pang iba: mga mekanismo ng burukratang-kapitalismo**

Hindi na bago ang nakakarimarim na mga kaso ng korupsyon sa gubyerno. Saksi ang buong sambayanang Pilipino sa bilyun-bilyong halaga na ninakaw at napakaluhong pamumuhay ng pamilyang Marcos sa loob ng kanilang 14 na taong paghahari; ang “Velarde account” na nagsisimbulo sa corruption na dahilan ng pagpapatalsik kay Joseph Estrada; ang “NBN-ZTE deal” sa administrasyong Macapagal-Arroyo; ang bilyun-bilyong Napoles *scam* sa panahon ni administrasyong Noynoy Aquino na sangkot ang mga senador kabilang si Senador Jinggoy Estrada na kasuka-sukang nag-iimbestiga ngayon sa anomalya; at ang bilyun-bilyong anomalya sa COVID-*fund* na ninakaw sa administrasyong Duterte.

Ang korupsyon ay isa lamang sa mga suliranin at sakit ng **burukrata-kapitalismo** kung saan ang gubyerno ay pinatatakbo bilang isang malaking pribadong negosyo para pagkuhaan ng yamang tubo. Ang mga namumuno sa gubyerno ay mga burukratang kapitalista na nagsisilbi sa interes ng malaking burgesya kumprador, mga panginoong maylupa at ng kanilang imperyalistang among US. Nakakapagkamal sila ng malaking yaman sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang kapangyarihang pampulitika.

Liban sa korupsyon, kumakamal ng napakalaking yaman ang mga burukrata-kapitalista sa liberalisasyon ng mga likas na yaman, kalupaan, yutilidad at mga susing industriya at pagbebenta ng mga pampublikong pag-aari; pang-aagaw ng lupa sa tabing ng proyektong pangkaunlaran, pagkontrol sa mga empresang pag-aari ng estado, mga pribadong pension at insurance funds na kontrolado ng gubyerno at iba pang regulatory agencies ng gubyerno tulad ng kung paano ginagamit at nilalaro ang mga pondo ng Government Service Insurance System (GSIS) tungo sa Maharlika Fund at ang napakaraming kaso ng korupsyon sa PhilHealth at ngayo'y pagkuha sa bilyun-bilyong *excess funds* nito; pagsasanib ng burukrata-kapitalismo at mga operasyong kriminal tulad ng droga at mga illegal na operasyon ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGO).

Gumagamit ng pasismo ng estado ang mga burukrata-kapitalista at mga naghaharing-uri upang linlangin at supilin ang paglaban ng mamamayan upang makapanatili sa kapangyarihan. Malinaw na malinaw itong naipakita ng madilim at malupit na 14 na taon ng pasistang diktadurang US-Marcos Sr. habang nililinlang ang mamamayan sa islogan at programa ng Bagong Lipunan" at "Green Revolution." Kinopo ng diktaduryang Marcos Sr. ang solong kapangyarihan - tinanggalan niya ng kapangyarihan ang kanyang mga karibal at nag-alaga ng mga kroni.

Katulad ng pinatalsik na rehimeng Marcos Sr., ang mga sumunod na rehimen ay nagpatupad ng mga pasistang programa. Nagpatupad ng "total war policy" si Cory Aquino at iniumang ang "espada ng digma" laban sa mamamayan sa ilalim ng Oplan Bantay-Bitag. Mula sa Oplan Lambat-Bitag ng rehimeng US-Aquino hanggang sa Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte, higit na naging mabalasik ang pasistang atake sa mamamayan. Sa administrasyong Duterte ay isinabatas ang mapanupil at anti-mamamayang Anti-Terror Law (ATL) at nilikha ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Ang National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) ang pasistang masterplan ng rehimeng US-Marcos Jr. upang supilin ang mamamayan at matiyak ang interes ng mga ganid na burukrata-kapitalista, malaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at ang amo nitong imperyalistang US habang nililinlang ang mamamayan sa pag-aastang galit at naiiyak sa talamak na korupsyon.

Ang pasismo at mga programang kontra-insurhensyang nakapaloob dito ay malaking negosyo rin na pinagkakakitaan ng burukrata-kapitalista. Ginagawang gatasan ang bilyun-bilyong pondo sa mga programa at mga kontrata sa kontra-insurhensya at depensa tulad sa pekeng pagpapasuko at programa para sa pagbabalik-loob daw ng mga rebelde at ang bilyun-bilyong maanomalyang proyekto sa ilalim ng Barangay Development Program sa ilalim ng NTFLAC at Department of Interior and Local Government (DILG). Sinisimot din ang kabang-yaman ng bayan ng naglalakihang pensyon ng mga retiradong opisyal ng militar at kapulisan.

## DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN ANG SOLUSYON!

Labis-labis ang paghihirap ng sambayanan sa ganid at walang kasiyahang pagnanakaw ng mga burukrata-kapitalista. Pinapatunayan ng kasaysayan na hindi maaampat at mawawala ang korupsyon hanggat nananatili ang batayang problema ng lipunang Pilipino - ang burukrata-kapitalismo, imperyalismo at pyudalismo. Kahit ilang pagpapatalsik ng mga rehimen at pagbabago ng mga namumuno sa tuwing eleksyon, iiral at higit na nagiging sakim ang mga burukrata-kapitalista at ang buong naghaharing-uri.

Marapat na umanib at lumahok ang Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa paglaban sa iba't ibang paraan at paghugos ng mamamayan sa mga kalsada laban sa napakalalang korupsyon. Higit sa lahat dapat nating pukawin, organisahin, at pakilusin ang sambayanan para labanan at wakasan ang mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal, at ang makauring paghahari ng mga burukrata-kapitalista, malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa.

Ang hangarin ng taumbayan para sa katarungang panlipunan, tunay na demokrasya, at kalayaan ay matatamo lamang sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan na may sosyalistang perspektiba. Ngayon pa lamang ay inilalatag na sa pamamagitan ng mga Organo ng Kapangyarihang Pampulitika (OKP) sa kanayunan ang mga binhi ng isang nakahihigit na lipunang ipapalit sa nabubulok na malakolonyal at malapyudal na lipunan. Tanging sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan lamang mapapawi ang pandarambong at pagsasamantala ng burukrata-kapitalista, malaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at ng amo nitong imperyalistang US.

**Burukrata-Kapitalismo, Ibagsak!**
**Imperyalismo, Ibagsak!**
**Pyudalismo, Ibagsak!**

**Isulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan hanggang sa tagumpay!**



Larawan mula sa Shutterstock